# Ano'ng Talata sa Biblia ang Bagay sa Dutertismo? Relihiyon bilang Kasangkapan sa Giyera Kontra Droga

**Federico G. Villanueva**

*Sa kasagsagan ng mga patayan sa ilalim ng 'giyera kontra droga' ni dating pangulong Rodrigo Duterte, ginamit ang iba't ibang talata sa Biblia. Ginamit ng mga kontra sa 'giyera' ang Biblia upang labanan ito. Pangunahing ginamit ng mga obispong Katoliko ang "Huwag Kang Papatay" na bahagi ng Sampung Utos mula sa Biblia (Exod 20:13; Deut 5:17). Pero kung ang mga obispo ay merong 'Huwag Kang Papatay,' ang mga kakampi ni Duterte ay meron ding "For the wages of sin is death" (Rom 6:23). Ito ang ginamit ng Hepe ng Kapulisan na si Jovie Espenido. Maging ang ilang pastor ay gumamit din ng talata mula sa Biblia upang ipagtanggol ang mga patayan. Sa salaysay na ito, iisa-isahin ang mga talatang ginamit upang ipakita ang kahalagahan ng teolohikal na aspeto. Isa sa mga pangunahing tanong ay, "Ano bang talata ang bagay sa Dutertismo?" Imumungkahi na ang bagay na talata ay ang mga hibik (lament), mga panaghoy sa Biblia. Magbibigay din ng gabay kung paano ba binabasa, inuunawa, at ginagamit ang Biblia.*

*(At the height of the killings under former president Rodrigo Duterte's so-called 'war on drugs,' various verses from the Bible were used. Opponents of the 'war' used the Bible to fight it. The Catholic bishops primarily used the "Thou shalt not kill" prohibition of the Ten Commandments from the Bible (Exod 20:13; Deut 5:17). Nevertheless, if the bishops have 'Huwag Kang Papatay' or 'Thou shall not kill,' Duterte's allies cited "For the wages of sin is death" (Rom 6:23). This is what Police Chief Jovie Espenido used. Even some pastors also used a verse from the Bible to defend the killings. In this contribution, the biblical verses used will be examined to show the importance of the theological aspect of the argumentations. One of the*

*main questions is, "What is the biblical verse most fitted to use against Dutertismo?" This study proposes that lamentations from the Scriptures are one of the most apt to use in this case. Along with this suggestion, guidance on how to use, read, and interpret the Bible will also be provided.)*

## INTRODUKSYON

Sa simula ng kanyang panunungkulan bilang Pangulo ng Pilipinas, tahasang sinabi ni Duterte: "*Hitler massacred three million Jews ... there's three million drug addicts. There are. I'd be happy to slaughter them.*"[1] Sa unang araw matapos siyang namanata bilang ikalabing-anim na pangulo, 39 katao ang patay kaugnay sa tinawag niyang "War on Drugs."[2] Nagpatuloy ang patayan hanggang magtapos ang kanyang termino. Ang masaklap, mas lumala pa ang patayan sa ibang lugar kahit sa gitna ng pandemya.[3] Kahit sa ilalim ng pamunuan ni Ferdinand Marcos Jr., tuloy ang pagpatay. Ayon sa isang ulat: "*The death toll keeps rising. Under President Ferdinand Marcos Jr., it's business as usual for policemen, the chief enforcers of the*

[1] Felipe Villamor, "Duterte, Citing Hitler, Says He Wants to Kill 3 Million Addicts in Philippines," Setyembre 30, 2016, *The New York Times,* inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.nytimes.com/2016/10/01/world/asia/philippines-rodrigo-duterte-hitler-drugs.html. Alam natin na mali si Duterte: hindi 3 million Jews and pinatay ni Hitler kundi mahigit 6 million (https://encyclopedia.ushmm.org/content/en/article/ documenting-numbers-of-victims-of-the-holocaust-and-nazi-persecution). Pero maliwanag ang kanyang nais gawin - ang pumatay gaya ng ginawa ni Hitler.

[2] Ayon sa isang ulat: "On July 1, 2016, the first day of the Duterte presidency, the police were ordered to conduct 'immediate and simultaneous' anti-drug operations. 39 people were killed on Day One alone" ("The Drug Killings: Who, What, Where, When, How?" *The Drug Archive*, inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://drugarchive.ph/ post/26-the-drug-killings-who-what-where-when-how-master,).

[3] Jodesz Gavilan, "Duterte Gov't Took Advantage of Pandemic to Continue Drug Killings, Abuses - HRW," Enero 13, 2021, *Rappler,* inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.rappler.com/philippines/duterte-government-took-advantage-covid-19-pandemic-continue-drug-war-killings-abuses-hrw-report-2020/.

*drug war, perpetuating the climate of fear created by the Duterte administration.*"[4]

Halos lahat ng mga pinatay ay mga mahihirap. Mas lalo pang dumami ang mga mahihirap dahil sa giyera kontra droga. At ang pinakamasaklap, mas lalong dumami ang mga batang naulila at ang mga babaeng balong naiwan.[5] Maging ang mga ama ay nagluluksa.[6] Madalas sabihing, "*It's fun in the Philippines!*" Pero dahil sa War on Drugs, nawala ang kasiyahan sa pamilya ng maraming dukha.[7]

Sa kabila nito, marami ang sumuporta kay Duterte at sa kanyang "giyera kontra droga." Ayon sa isang ulat, 88% ng mga Pilipino ay sumasang-ayon sa giyera kontra droga. Ito ay sa kabila ng ayon na rin sa parehong ulat, 73% ay naniniwala na mayroong nagaganap na "*extrajudicial killings.*"[8]

Paano natin ito maipapaliwanag? Bakit walang *outrage*? Bakit walang galit? Bakit walang pag-angal? "Bakit despite the thousands of killings, parang namanhid na ba ang mga Filipino? Parang tinanggap na ba na okay na lang ang mga patayan?" Ito ang

---

[4] Aie Balagtas See, "'We can't be bribed:' Families of drug war victims reveal offers to drop cases amid ICC probe," inakses Setyembre 14, 2024 sa https://pcij.org/2023/08/08/families-of-drug-war-victims-reveal-campaign-to-drop-cases-amid-icc-probe/.

[5] Aileen May P. Mijares, "Rebuilding Lives Amid the Ruins of Duterte's War on Drugs," *Journal of Human Rights and Peace Studies* 6, Bilang 2 (2020): 255-292.

[6] Ana P Santos, "Duterte's drug war: Philippine fathers mourn sons in silence, inakses Setyembre 13, 2024 sa https://www.aljazeera.com/news/2020/3/2/dutertes-drug-war-philippine-fathers-mourn-sons-in-silence.

[7] "Our Happy Family Is Gone": Impact of the "War on Drugs" on Children in the Philippines, inakses Setyembre 13, 2024 sa https://www.hrw.org/report/2020/05/27/our-happy-family-gone/impact-war-drugs-children-philippines.

[8] Bea Cupin, "Most Filipinos Believe EJKs Happen in War on Drugs - Poll," Oktubre 16, 2017, *Rappler*, inakses noong Setyembre 14, 2024 sa https://www.rappler.com/philippines/185424-pulse-asia-september-2017-war-on-drugs-survey/.

tanong ni Rose Trajano ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates.[9]

Maraming pwedeng ibigay na dahilan kung bakit naging malakas ang suporta kay Pangulong Duterte at sa kanyang giyera kontra droga. Ayon kay Paulo Affatato, ito ay maaaring:[10]

- Panlipunan (bunsod na rin ng kahirapan at kawalan ng hanap-buhay). Ayon sa ilang empleyado ng isang malaking *mall*, marami sa kanila ang bumoto kay Duterte dahil sa pangako niyang ENDO.[11]
- Sikolohikal (likha ng pagkamangha sa isang "strong man").
- Kasaysayan (si Duterte bilang *homo novus*, na walang pakialam sa tradisyonal na pamumuno).
- Pulitikal (ang kanyang laban sa kriminalidad at kurapsyon).

Pero may isa pang dahilan, na ayon kay Affatato ay madalas hindi isinasama – ang teolohikal, yaong may kinalaman sa espirituwal, o ang relihiyon. Ayon sa pag-aaral na ginawa nina Jayeel Cornelio at Erron Medina, ang tugon ng mga relihiyosong komunidad sa giyera kontra droga ay bahagi ng kanilang teolohikal na interpretasyon.[12] Sa salaysay ito, titingnan natin ang mga

[9] Patrick Quintos, "Are #Realnumbers Real? Rights Defenders Question State Data on Drug War," Abril 6, 2018, huling binago noong Enero 18, 2019, *ABS-CBN News*, inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://news.abs-cbn.com/focus/04/06/18/are-realnumbers-real-rights-defenders-question-state-data-on-drug-war.

[10] Paolo Affatato, "Duterte and the God-Avenger," Agosto 5, 2017, huling binago noong Disyembre 30, 2019, *Vatican Insider*, inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.lastampa.it/vatican-insider/en/2017/08/05/news/duterte-and-the-god-avenger-1.34431668/.

[11] Personal na pakikipagpanayan noong Hulyo 20, 2021.

[12] Jayeel Cornelio at Erron Medina, "Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines," *Politics, Religion & Ideology* 20, Bilang 2 (2019): 158, "*the response of religious communities to the War on Drugs is a function of their theological interpretation of the drug issue.*" Ito ang kauna-unahang sosyolohikal na pag-aaral sa

teolohikal na interpretasyon na ginamit sa nabanggit na "giyera," partikular ang pagbanggit ng mga talata mula sa Biblia. Mahalaga ang Biblia dahil sa paniniwala ng mga Kristiyano ito ang sandigan, ang basehan ng lahat ng paniniwala at katuruan sa simbahan.[13] Ang mga teolohikal na interpretasyon ay nakabase sa Biblia. Sa unang bahagi ng salaysay ito, iisa-isahin natin ang mga pangunahing talata mula sa Biblia na ginamit sa gitna ng giyera kontra droga.

## Ang Biblia sa Gitna ng Giyera Kontra Droga

Dahil sa sunud-sunod na mga patayan, naglunsad ang mga Katolikong Obispo noong ika-25 Hulyo 2016 ng isang kampanya na tinawag nilang "Huwag Kang Papatay."[14] Sa pangunguna ni Manila Auxiliary Bishop Broderick Pabillo at Fr. Atiliano Fajardo, inilunsad ang kilusang "Huwag Kang Papatay" sa pamamagitan ng isang misa. Ang mga salitang "Huwag Kang Papatay" ay hango mula sa Sampung Utos na matatagpuan sa Biblia (Ex 20:13; Deut 5:17).

Subalit kung ang mga Obispo at Katolikong Simbahan ay mayroong Exodo 20:13 ("Huwag Kang Papatay"), ang mga sumusuporta kay Duterte ay meron ding Roma 6:23 – "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan."[15] Ito ang talatang

Giyera kontra Droga; kinapanayam nina Cornelio at Medina ang ilang mga lider ng relihiyon sa Payatas.

[13] Kinikilala ng mga Protestanteng Kristiyano na ang Biblia ay Salita ng Diyos. Kinikilala rin ng mga Katoliko ang Biblia bilang pundasyon ng katotohanan at Salita ng Diyos. Tingnan ang "Dogmatic Constitution on Divine Revelation, Dei Verbum, Solemnly Promulgated by His Holiness Pope Paul VI on November 18, 1965," *La Santa Sede,* inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.vatican.va/archive/hist_councils/ii_vatican_council/documents/vat-ii_const_19651118_dei-verbum_en.html.

[14] Evelyn Macairan, "'Huwag Kang Papatay' Campaign Launched," Hulyo 26, 2016, *Philstar,* inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.philstar.com/news-commentary/2016/07/26/1606756/huwag-kang-papatay-campaign-launched. Si Fr. Fajardo ang convenor ng "Huwag Kang Papatay campaign."

[15] Kung hindi babanggitin, lahat ng salin na gagamitin sa salaysay ito ay mula sa *Magandang Balita Biblia* ng Philippine Bible Society.

binanggit ng Hepe ng Kapulisan na si Jovie Espenido bilang tugon niya sa mga bumabatikos sa kanya. May mga nagsasabi kasi na saan man siya ipadala, may mga pinapatay. Pero ang sagot niya: "*If someone dies, that's God's will. Don't do wrong so you won't die. The wage of sin is death. That's according to the Bible*."[16] Yaong mga salitang "*The wage of sin is death*" ay galing sa Roma 6:23. Binanggit din ang talatang ito sa akin ng isang barbero habang naghihintay akong magupitan. Sabi niya sa akin, "okay lang naman ang EJK kasi di ba ang sabi sa Bible, '*the wage of sin is death?*'"

Hindi lamang Roma 6:23 ang ginamit upang ipagtanggol ang giyera kontra droga. May iba pang mga talata mula sa Biblia ang ginamit. At hindi lang Hepe ng Kapulisan o pangkaraniwang Pilipino ang kumasangkapan sa Biblia upang ikatuwiran ang giyera kontra droga. Kabilang din sa mga sumuporta sa giyera kontra droga ang ilang pari. Binanggit ng isang pari ang Lukas 17:2. Ayon sa talatang ito, mas mabuti pa para sa isang tao "ang bitinan sa leeg ng isang gilingang-bato at itapon sa dagat, kaysa maging sanhi ng pagkakasala" ng iba. Paliwanag ng pari, ayos lang kay Jesus ang giyera kontra droga maski na andaming naulila dahil dito, alang-alang sa nakararami.[17] Sa mga kampanya sa giyera kontra droga, madalas ipakita ang imahen ng gumagamit ng droga na pumapatay ng sanggol. Malakas ang dating ng imaheng ito. Pero lalong mas naging epektibo dahil may mga talata pa mula sa Biblia 'diumano' ang sumusuporta rito.[18]

---

[16] Jennifer P. Rendon, "Espenido's Taking Post of ICPO Delayed," Setyembre 1, 2017, *Philstar,* inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://bit.ly/38vcjhr. Kamakailan, ipinahayag ni Espenido na ang PNP ang "*biggest crime group*" sa bansa. Ayon sa kanya, meron daw silang "*quota and reward system*," na kung saan bawat patay ay may bayad na P20,000. Inakses Setyembre 12, 2024 sa https://www.pna.gov.ph/articles/1232226.

[17] Jayeel Cornelio, "God Gave Us Duterte," Hulyo 3, 2018, *Rappler*, inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.rappler.com/voices/thought-leaders/206394-god-gave-us-duterte/.

[18] Malakas ang pagtingin ng mga Pilipino sa Diyos bilang "Punisher" kaya't madali nilang natanggap si Duterte. Paterno R. Esmaquel II, "Why Filipinos

Kung ginamit ng isang pari ang Lukas 17:2, binanggit naman ng isang pastor ang Mateo 7:6.[19] Ayon sa talatang ito, hindi dapat ihagis ang mga perlas sa baboy dahil yuyurakan lamang nila ang mga iyon. Inihalintulad ng pastor ang mga gumagamit ng droga, na tinawag niyang "drug addicts," sa mga baboy. Katulad ito ng sinabi ni Sofronio Jucutan, na itinuring namang basura ang mga "drug addicts": "*We don't condone summary killings, but we want society to be cleansed of its scum. These people are garbage and, just like any garbage, you have to dispose of them.*"[20] Ang pagkakaiba sa pastor, ginamit ang Biblia upang ipagtanggol ang ganitong uri ng pananaw.

Sa pananaw ng ibang lider ng relihiyon, ipinadala ng Diyos si Duterte upang linisin ang mga "basura" sa Pilipinas.[21] Binanggit nila ang Hebreo 12:6, na nagsasabing, "dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya." Samakatuwid, mahal ng Diyos ang Pilipinas kaya ipinadala niya si Duterte. Paliwanang ng ilang pastor ng malalaking simbahan, alam ng Diyos na hindi natin kakayanin ang problema sa droga. Wika nila: "*addressing the proliferation of illegal drugs and criminality is 'humanly impossible*."[22] Kaya't para sa kanila, ang giyera kontra droga ay isang "*righteous intervention*."[23]

Ikinumpara ng ilang Protestanteng mangangaral si Duterte kay Haring Josias, isang matuwid na hari na nanguna sa pambansang pagbabago noong kapanahunan niya. Binanggit nila

Believe Duterte was 'Appointed by God,'" Hunyo 28, 2019, *Rappler,* matatagpuan inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/234115-why-filipinos-believe-duterte-appointed-by-god/.

[19] Cornelio at Medina, "Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines," 160.

[20] Nathan Gilbert Quimpo, "Duterte's 'War on Drugs': The Securitization of Illegal Drugs and the Return of National Boss Rule," nasa *The Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency*, pat., Nicole Curato (Quezon City: Bughaw, 2017), 155.

[21] Cornelio, "God gave us Duterte."

[22] Jayeel Cornelio at Ia Marañon, "A Righteous Intervention: Megachurch Christianity and Dutertes War on Drugs in the Philippines," *International Journal of Asian Christianity* Tomo 2 (2019): 219.

[23] Cornelio at Marañon, "A Righteous Intervention": 211-230.

ang talata mula sa 2 Hari 23.[24] Ayon kina Cornelio at Marañon, "*To these preachers, Duterte's campaign against criminals and drug addicts around the country is divinely ordained national renewal*."[25] Nabanggit din ng isang pastor si Nebuchadnezzar, ang hari ng Babilonia na sumakop at nagwasak sa Jerusalem. Malupit na hari si Nebuchadnezzar. Ayon sa aklat ng Panaghoy, "Kabi-kabila ang patayan, sa loob at labas ng kabahayan" (Panaghoy 1:20). Pero paliwanag ng isang pastor, tulad ni Nebuchadnezzar, isinugo ng Diyos si Duterte upang tawagin ang mga Pilipino sa pagsisisi.[26]

Sa lahat ng mga talata sa Biblia na ginamit sa giyera kontra droga at sa pagsuporta kay Duterte, ang pinakasikat ay ang Roma 13:1-2, na nagsasabing: "Ang bawat tao'y dapat pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan, sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos, at ang Diyos ang nagtatag ng mga pamahalaang umiiral. Kaya nga, ang lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Diyos; at sila'y nararapat sa parusa." Ayon kina Cornelio at Marañon, ito ang laging ginagamit ng mga pastor ng malalaking simbahan na kinapanayam nila sa tuwing tatanungin ang pananaw nila tungkol sa giyera kontra droga.[27] Sa *social media*, madalas din itong mabanggit ng mga sumusuporta kay Duterte. Ito ang ginamit ng isang teologo bilang tugon sa aking paskil sa *Facebook* upang ipaliwanag kung bakit hindi dapat labanan si Duterte. Ito rin ang ginamit ng mga Kristiyanong Ebanghelikal noong panahon ni Marcos.[28] Maging noong panahon ni Hitler, Roma 13 din ang ginamit ng mga Alemang Kristiyano upang

---

[24] Cornelio, "God gave us Duterte."

[25] Ibid.

[26] Cornelio at Medina, "Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines," 9.

[27] Cornelio at Marañon, "A Righteous Intervention," 223.

[28] David Lim, "Consolidating Democracy: Filipino Evangelicals between People Power Events, 1986-2001," nasa *Evangelical Christianity and Democracy in Asia*, pat., David Halloran Lumsdaine (New York: Oxford University Press, 2009), 254.

ikatuwiran ang kanilang suporta kay Hitler.[29] Kaya't hindi nakapagtataka kung bakit kahit na tahasang inihambing na ni Duterte ang sarili kay Hitler, marami pa ring Pilipino ang sumusuporta sa kanya. Malaking bahagi rito ay ang paggamit ng mga talata sa Biblia.

Ang paggamit ng Biblia sa Dutertismo ay nagpapakita ng nagpapatuloy na impluwensiya ng relihiyon at Biblia sa ating bansa. Ayon sa isang sarbey, 72% ng mga Pilipino ay naniniwala na ang Biblia ay "*actual word of God*."[30] Maaring hindi ka naniniwala sa relihiyon o sa Biblia, pero kung ikaw ay isang Pilipino hindi mo maikakaila ang malakas na impluwensiya ng Biblia sa ating bayan. Ang paggamit ng mga Katolikong Obispo at Simbahang Katoliko ng talata mula sa Biblia na "Huwag Kang Papatay" sa giyera kontra droga ay patunay sa nagpapatuloy na impluwensiya ng relihiyon sa ating bansa.[31] Sang-ayon na rin ito sa isang pag-aaral na nagpapakitang ang Pilipinas ang isa sa "*most religious societies in the world*."[32] Malalim ang kapit ng relihiyon sa ating kasaysayan at kultura.[33]

---

[29] Darrell J. Fasching, "Faith and Ethics after the Holocaust: What Christians Can Learn from the Jewish Narrative Tradition of Hutzpah," *Journal of Ecumenical Studies* 27, Bilang 3 (1990): 465.

[30] Ricardo G. Abad, "Religion in the Philippines," *Philippine Studies* 49, Bilang 3 (2001): 344-345.

[31] Cornelio at Medina, "Christianity and Duterte's War on Drugs in the Philippines," 2: "How institutional Catholicism is responding exemplifies the important role of religion in relation to the War on Drugs in the Philippines."

[32] Mahar Mangahas, "Religious, because Filipino, inakses noong Setyembre 13, 2024 https://opinion.inquirer.net/161301/religious-because-filipino.

[33] M. C. A. Astorga, "Culture, Religion, and Moral Vision: A Theological Discourse on the Filipino People Power Revolution of 1986," *Theological Studies* 67, Bilang 3 (2006): 567-601.

## Kasama na ang Biblia sa Laban mula pa Noon

Sa simula pa lamang ng kolonyalismo, naroon na ang Biblia. Bagama't hindi direktang binanggit ng mga naunang misyonerong Kastila ang Biblia dahil sa reaksyon laban sa Rebolusyong Protestante,[34] kasama ang ilang bahagi ng Biblia sa mga itinuro nila. Ang Sampung Utos ay bahagi ng kauna-unahang aklat na nailathala sa Pilipinas – ang *Doctrina Christiana* (1593). Ang *Doctrina Christiana* ay binubuo ng labindalawang bahagi:

1. Silabaryo
2. *Pater Noster* (Ama Namin)
3. *Ave Maria*
4. *Credo* – Isang buod ng pananampalatayang Kristiyano (Naniniwala ako)
5. *Salve Regina* – panalangin kay Maria
6. Mga Artikulo ng Pananampalataya
7. Sampung Utos
8. Mga Kautusan ng Banal na Simbahan – unang una ang pagsisimba at piyesta
9. Mga Sakramento ng Banal na Simbahan
10. Pitong Nakamamatay na Kasalanan
11. Labing-apat na Gawa ng Pag-ibig
12. Kumpisal at Katekismo

[34] Ayon kay Catalino G. Arevalo SJ, "Filipino Theology," nasa *Dictionary of Mission*, pat., K. Muller, et al (New York: Orbis Books, 1997), 161, "[T]he first theological horizon of the church in the Spanish period … was the Counter-Reformation." Taong 1521 nang unang dumating ang ating mga Kastilang mananakop. Taong 1520/1521 din nang ginamit ni Martin Luther ang kanyang tanyag na "sola scriptura" bilang pagtatanggol niya sa sarili laban sa "Papal bull of excommunication" (Eva-Maria Gummelt, "Reception History and Its Value - A German Lutheran View," *Annali Di Storia Dell'Esegesi* 37, Bilang 1 [2020]: 111).

Makikita ang Sampung Utos sa gitna ng *Doctrina Cristiana*. Hindi nakapagtataka na ito ang ginamit ng mga Obispo. Alam nila na malalim ang kapit nito sa ating kasaysayan.[35] Hanggang ngayon, makikita ang Sampung Utos sa harapan ng mga simbahan, nakaukit sa mga bato. Sa kasagsagan ng kampanya laban sa giyera kontra droga, makikita ang mga salitang "Huwag kang Papatay" na nakapaskil sa kahabaan ng EDSA.

Kung ginamit ang Biblia upang patahimikin ang mga bumabatikos sa giyera kontra droga (halimbawa ang Roma 13 na nagsasabing "magpasakop"), noon pa man ginawa na ito ng mga Kastilang mananakop. Ginamit nila ang kuwento patungkol kay Jesus na matatagpuan sa Biblia upang kontrolin ang mga Pilipino. Ayon kay Jose Mario Francisco:

> Kinasangkapan ng mga Kastila at ng kanilang alipures ang larawan ni Kristo upang mapanatili ang dayuhang kapangyarihan ... Mapagtiis si Kristo, kung kaya't dapat ding tiisin ng indio ang kanyang aping kalagayan.[36]

Subalit kung ginamit ng mga Kastila ang Biblia, partikular ang imaheng ito ni Jesus bilang kasangkapan upang sakupin tayo, hindi ito naging dahilan upang itakwil ng mga Pilipino ang Biblia. Makikita natin ito sa pasyon – ang nagsilbing Biblia sa panahon ng mga Kastila. Ayon kay Rene B. Javellana, "As an influential guide for Filipino Christians ... the *Casaysayan* [*Nang Pasiong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab nang Puso nang Sinomang Babasa*] was the Bible of the Filipinos."[37] Ang pagkakaiba ng pasyon sa Doctrina Christiana, ito ay isinulat mismo ng isang

---

[35] Astorga, "Culture, Religion, and Moral Vision," 582.

[36] Jose Mario C. Francisco, "Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo," *Philippine Studies* Tomo 25 (1977): 196.

[37] René B. Javellana, *Casaysayan Nang Pasiong Mahal Ni Jesucristong Panginoon Natin: Na Sucat Ipag-Alab Nang Puso Nang Sinomang Babasa* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988), 40.

Pilipino. Bagama't galing sa labas, inangkin ng mga Pilipino ang Biblia. Makikita natin ito sa pasyon. Ayon kay Bienvenido Lumbera, maliwanag na inangkin ng may-akda ang kuwento ni Kristo:

> *Aquino de Belen recreated the characters … with a freshness that could have come only from a child-like faith in the reality of those people. Christ, Mary, Judas, Peter, Pilate and other figures from the New Testament are portrayed by the poet as though he were the first man to tell their story. Without falsifying the portraits in the Bible, Aquino de Belen, whether by temper or art, avoids the stereotype characterizations created by pietistic tradition, and sees them as though the characters were his own countrymen.*[38]

Matagal na, bago pa man ipahayag ng Pranses na pilosoper na si Paul Ricouer na ang pangunahing layunin ng hermeneutika ay ang ariing sarili yaong galing sa labas ("'make one's own' what was previously 'foreign'"),[39] ginawa na ito ni Gaspar Aquino de Belen. Hindi lang nila ito inangkin. Ayon kay Reynaldo Ileto, nangyari ang isang bagay na hindi inasahan ng mga Kastila dahil ang mismong akda nila ang siyang nakapagbigay sa masa ng "*language for articulating its own values, ideals, and even hopes of liberation*."[40] Bagama't "[k]inasangkapan ng mga Kastila at kanilang alipures ang larawan ni Kristo upang mapanatili ang dayuhang

[38] Bienvenido Lumbera, *Tagalog Poetry, 1570-1898: Tradition and Influences in Its Development* (Quezon City, Metro Manila: Ateneo de Manila University Press, 1986), 61. Para sa ilang kaligiran patungkol kay Gaspar Aquino de Belen, tingnan ang René B. Javellana S.J., *Mahal na passion ni Jesu Christong Panginoon natin na tola ni Gaspar Aquino de Belen* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990), 1-2.

[39] Paul Ricoeur, *Interpretation Theory: Discourse and the Surplus of Meaning* (Fort Worth, Texas: Texas Christian University Press, 1979), 91.

[40] Reynaldo Clemeña Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979), 12. Ang tinutukoy ni Ileto rito ay ang pasyon.

kapangyarihan"[41] bumalik din ang sandatang ito laban sa mga Kastila.[42] Paano ito nangyari? Paliwanag ni Virgilio Almario, "kahit isang panitikan ng dominasyon ang pasyon, nagkakaroon ito ng bisang subersibo dahil sa kakayahan ng tekstong 'magsabi ng totoo.'"[43] Naging epektibo ang mga akdang relihiyoso dahil lehitimo ang mga ito at aprobado ng kapangyarihang kolonyal.

Ang pasyon ay naglalaman ng ilang bahagi mula sa aklat ng Genesis. Subalit ang malaking bahagi nito ay nakatuon sa pagsasalaysay sa mga huling araw ni Jesus, na may kinalaman sa kanyang mga kahirapan. Sa mga paghihirap ni Jesus nakatagpo ang mga Pilipino ng isang karamay. Sa kanyang krus, nakita nila ang kanilang mga paghihirap. Gaya ng nakasulat sa *Mahal na Pasyon* (saknong ika-780)[44]:

Ang saquit, at manga hirap,
salot, datay, pagcalagnat,
manga casam-an nang palad,
caruchaa,t, pagcasalat,
Cruz din yaong mabig-at.

Ayon kay Ileto,

> *The whole point of the singing of the pasyon is the evocation of damay with Christ; the text is filled with examples that suggest this mode of behavior:*

[41] Francisco, "Panitikan at Kristiyanismong Pilipino," 196.

[42] "Double-edge sword" nga ang Biblia, ayon na rin sa tema ng CBAP conference 2023.

[43] Virgilio S. Almario, pat., *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896): Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto* (Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2013), 58.

[44] Javellana, *Mahal na passion ni Jesu Christong Panginoon natin na tola ni Gaspar Aquino de Belen*.

> *expressions of sorrow and compassion, tearful weeping, individuals helping Jesus carry his Cross.*[45]

Pero hindi lamang "*evocation of damay with Christ*" ang epekto ng pasyon para sa mga Pilipino. Ito rin ang nagsilbing inspirasyon nila para tumindig laban sa mga Kastila. Binanggit ni Ileto ang ilang mga elemento sa pasyon na maaaring nagsilbing inspirasyon para sa mga Pilipino tungo sa rebolusyon. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:[46]

- Ang mga mayayaman at makapangyarihan ay kalaban ni Jesus.
- Mas malapit kay Jesus ang mga mahihirap dahil mahirap si Jesus.
- Maging ang mga magulang ni Jesus ay mahirap.
- Ang mga alagad ni Jesus ay mga mahihirap.
- Ang pananaw noon kay Jesus ay isang lider ng "kilusang pangmasa."

Sa pasyon nakatagpo ang mga Pilipino ng inspirasyon upang maghimagsik. Para kay Almario, hindi nagsimula ang "pag-agaw ng kapangyarihan sa Rebolusyong Filipino" sa "Unang Sigaw; sa halip, ibinandila ito ng unang pagsipi mula sa lehitimong akda – halimbawa'y ang mga sipi ni Jacinto mula sa Bibliya – upang tanggalan ng Awtoridad ang Estado't Simbahang Espanyol."[47]

Ang mga ito ay nagpapatunay ng kahalagahan ng Biblia. Kasama ang Biblia sa laban. Ginamit ito ng mga Kastila at ng mga rebolusyunaryo. Gustuhin man natin o hindi, ang Biblia ay nasa gitna ng giyera kontra droga at naging kasangkapan mismo ng Dutertismo. Gaya ng nakita natin, ginamit maging ng mga

---

[45] Ileto, *Pasyon and Revolution*, 51-52.
[46] Ibid., 15-19.
[47] Almario, pat., *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*, 83-84.

sumusuporta kay Duterte ang Biblia. Mismong si Duterte ay gumamit din ng Biblia. Sinabi niya, "*it is really an eye for an eye and a tooth for a tooth*."[48] Hindi niya binanggit, pero ang talatang ito ay mula sa Mateo 5:38. Ang binanggit niya ay ang "Ecclesiastes 3," na ayon sa kanya ay kanyang binabasa.[49] Ang Ecclesiastes 3 ay nagsasabing "*there is a time for everything*." At sa konteksto ng talumpati ng Pangulo, ang ibig niyang sabihin, "*there is a time for everything, including dying*."[50] Kaya niya sinabing, "*it is really an eye for an eye and a tooth for a tooth. You took a life, then you must pay with your life.*"[51]

Sa makatuwid, dapat isama sa pakikipagtunggali laban sa Dutertismo ang Biblia. Tinawag mismo ng Biblia ang Salita ng Diyos na "tabak ng Espiritu" (Efeso 6:17). Ito ay tulad ng "mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim" (Hebreo 4:12). Ang tanong: Paano natin ginagamit ang tabak na ito? Para kanino? Para sa sariling agenda? Para sa kapakanan ng mga nasa kapangyarihan o para sa mga nasa laylayan?

Sa anumang uri ng sandata, mayroong tamang paraan ng paggamit ang Biblia. Ang payo ni Apostol Pablo kay Timoteo: "Sikapin mong maging kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, isang manggagawang ... tama ang paggamit sa salita ng katotohanan" (2 Timoteo 2:15). May tamang paggamit sa "salita ng katotohanan."

Ano ba ang "tamang paggamit" ng Biblia? Paano natin gagamitin ang Biblia para sa kabutihan at pagtuturo ng katotohanan? Ano ang tamang gamit ng "tabak ng Espiritu?" Kampi

---

[48] "Duterte Paraphrases Ecclesiastes: A Time for Everything," Hulyo 24, 2017, *ABS-CBN News,* inakses noong Agosto 21, 2021 sa https://bit.ly/3t6GMft.

[49] "Duterte Paraphrases Ecclesiastes."

[50] Jayeel Cornelio at Erron Medina, "Duterte's Enduring Popularity is not just a Political Choice—It is also Religious," Setyembre 3, 2018, *New Mandala*, inakses noong Setyembre 13, 2024 sa https://www.newmandala.org/dutertes-enduring-popularity-not-just-political-choice-also-religious/.

[51] Cornelio at Medina, "Duterte's Enduring Popularity is not just a Political Choice—It is also Religious."

ba ang Biblia kay Duterte? Tama ba ang paggamit ng mga talata para sa Dutertismo? At para naman sa mga lumalaban sa giyera kontra droga, anong talata sa Biblia ang magandang gamitin? Anong talata ang bagay sa giyera kontra droga at sa mga tulad ni Duterte?

## Ang Tamang Paggamit sa "Salita ng Katotohanan"

Dito makakatulong ang mga biblikal na iskolar. Kung may mga nagpapakabihasa sa medisina, araling panlipunan, at iba pang larangan, meron ding mga nagpapakabihasa sa pag-aaral ng Biblia. Sa katunayan, ang mga biblikal na iskolar ang isa sa mga kauna-unahang Ph.D. Sa Lumang Tipan, sila ang mga tinatawag na eskriba. Sa panahong kakaunti lamang ang nakapag-aaral, ang maging isang eskriba ay maging miyembro ng isang "*closed society of learned men*."[52] Ayon kay Karel van der Toorn, may ebidensya sa *Ancient Near East* na yaong mga nakapagsanay na ay maaari pang magpakabihasa,[53] katumbas ng ating Ph.D. ngayon.

Ang problema, karamihan sa mga Pilipinong biblikal na iskolar ay nahaharap sa parehong hamon na binanggit ni Jaime Bulatao patungkol sa mga Pilipinong sikolohista. Ayon sa kanya, "A *major problem facing Filipino psychologists is the applicability of Western measures and concepts to Filipino behavior*."[54] Ganun din, karamihan sa mga Pilipinong biblikal na iskolar ay nagtapos sa Europa o Amerika. Ang modernong araling biblikal (*modern biblical studies*) ay umusbong sa panahon ng Kaliwanagan (*Enlightenment*) na kung saan inihiwalay ang relihiyon mula sa lipunan. Ang pag-aaral ng Biblia ay isang pangkasaysayang gawain na nakatuon sa daigdig

[52] Karel van der Toorn, *Scribal Culture and the Making of the Hebrew Bible* (Cambridge, Massachusetts: Harvard University Press, 2009), 66.

[53] Toorn, *Scribal Culture and the Making of the Hebrew Bible,* 57.

[54] Jaime C. Bulatao, *Phenomena and Their Interpretation: Landmark Essays, 1957-1989* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992), 300.

lamang ng Biblia at walang kaugnayan sa ngayon. Ang pangunahing gawain ng isang modernong biblikal na iskolar ay alamin ang kahulugan ng talata sa Biblia noon (“*what the text meant*”). Ang kahulugan ng Biblia sa ngayon (“*what the text means*”) ay labas sa tungkulin ng isang biblikal na iskolar.[55]

May mga pagbabago nang nagaganap gaya ng pagbuo ng tinatawag na Bible and Social Engagement (BASE)[56] na grupo sa ilalim ng Catholic Biblical Association of the Philippines at ang pagtataguyod ng *Faith and Bayan* ng ilang ebanghelikong biblikal na iskolar at teologo.[57] Pero hindi ko malilimutan ang isang pagkakataon nang ako ay dumalo sa pagtitipon ng mga Pilipinong biblikal na iskolar. May isang nagbahagi ng papel tungkol sa isang hari sa Lumang Tipan. Pagkatapos ng presentasyon, itinanong ko kung ano ang kabuluhan ng papel sa konteksto ng Pilipinas na kung saan si Duterte ay inihahalintulad rin sa ilang hari sa Lumang Tipan (hal. Josias). Tinapik ako ng katabi kong kapwa Pilipinong biblikal na iskolar at sinabihang huwag nang magbato ng mga aplikasyong-tanong dahil ang pagtitipon ay nakatuon sa araling biblikal. Hanggang ngayon, dahil sa malakas ng impluwensiya ng *modern western biblical studies*, madalas pa ring tingnan ng biblikal iskolar ang gawain ng biblical interpretation na may kinalaman lamang sa “*world behind the text*.”[58]

---

[55] Krister Stendahl, “Biblical Theology, Contemporary,” nasa *The Interpreter’s Dictionary of the Bible*, Tomo 1, pat., George Arthur Buttrick. (Nashville, Tennessee: Abingdon Press, 1962), 418-432.

[56] Ito ay naglalayong tugunan ang mga sosyo-pulitikal na mga isyu gamit ang Biblia bilang gabay at batayan.

[57] Bilang tugon sa mga sosyo-pulitikal na isyu, ilang ebanghelikong biblikal na iskolar at teologo ang sumulat ng isang aklat na pinamagatang *Faith and Bayan* (napipintong ilathala).

[58] Sandra M. Schneiders, “Biblical Hermeneutics Since Vatican II,” in *Beyond Dogmatism and Innocence: Hermeneutics, Critique, and Catholic Theology*, ed. Anthony J. Godzieba and Bradford E. Hinze (Collegeville, Minnesota: Liturgical Press, 2017), 3-17. Tingnan din: Sandra Marie Schneiders, *The Revelatory Text: Interpreting the New Testament as Sacred Scripture* (San Francisco: Harper San Francisco, 1991).

Pero para saan ba ang pagiging biblikal na iskolar? Ano ba ang "*calling*" ng isang biblikal na iskolar?[59] Para saan ba ang pag-aaral ng Biblia? Hindi ba't para makatulong sa iba? Tulad ng doktor sa medisina, hahayaan ba na gamitin ang "gamot" ng kaluluwa sa maling paraan? Hahayaan ba ng mga Pilipino biblikal na iskolar na gamitin ang "tabak ng Espiritu" para patayin ang mga walang kalaban-laban? Nakakalungkot na habang ginagamit ang Biblia ng mga pangkaraniwang Pilipino, Senador, Hepe ng Kapulisan, tahimik lamang ang marami, kasama na dito ang ilang Pilipinong biblikal na iskolar. Hindi ba gawain ng doktor ng medisina na magbigay-preskripsyon ukol sa tamang gamot? Hindi ba't ito'y para makatulong sa iba? Ang Biblia mismo ang nagsasabi na:

> [A]ng lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapakipakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain" (2 Timoteo 3:16-17).

Ang Biblia ay para sa "lahat ng mabubuting gawain" (*for the common good*).

Oo, sa mga kanluraning bansa, marami ang hindi na naniniwala sa relihiyon o sa Diyos. Sa mga Kanluraning komentaryo tungkol sa Biblia, tinutukoy lamang ang Diyos bilang "*the deity*." Pero iba sa Pilipinas. Gaya ng ipinakita sa isang sarbey, maraming Pilipino ang naniniwala sa Biblia bilang Salita ng Diyos. Paano ilalapat ng Pilipinong biblikal na iskolar ang kanyang pagsasanay na tinanggap sa ating konteksto na ang Diyos ay hindi lamang "*the deity*," kundi "Diyos natin"? Marami sa mga Pilipino

[59] Sinagot ko ang tanong na ito sa aking salaysay: Federico G. Villanueva, "The Calling of Asian Christian Scholars: A Biblical Scholars Perspective," *Journal of Asian Evangelical Theology* 22 (2018): 7-28.

ang naniniwala na ang Diyos na tinutukoy sa Biblia ay Diyos din natin.[60]

Paano natin gagamitin ang Biblia para sa kabutihan at pagtuturo ng katotohanan? Tinawag mismo ng Biblia ang Salita ng Diyos na "tabak ng Espiritu" (Efeso 6:17). Ito ay tulad ng "mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim" (Hebreo 4:12). Paano natin gagamitin ang tabak na ito? Para saan ba ang Biblia? Kampi ba ang Biblia kay Duterte? Tama ba ang paggamit ng mga talata para sa Dutertismo?

Hayaan ninyong ibahagi ko ang KKK ng Biblia.

## ANG KKK NG BIBLIA

Tulad ng anumang kasangkapan (hal. ang tabak), mayroong tamang paraan ng paggamit ang Biblia. Sa paggamit ng Biblia, mahalagang tandaan ang tatlong K:

- Konteksto (*Historical and literary context*)
- Kabuuan ng buhay (*all aspects of life, not just the spiritual*)
- Kapookan (*social location*)

### KONTEKSTO (*HISTORICAL AND LITERARY CONTEXT*)

Isang malaking salita sa interpretasyon ng Biblia ang "konteksto." Ang konteksto ay may kinalaman sa dalawang bagay – kasaysayan (*historical context*) at kaugnayan ng talata sa paligid na

[60] R. W. L. Moberly, *Old Testament Theology: Reading the Hebrew Bible as Christian Scripture* (Grand Rapids, Michigan: Baker Academic, 2013), 18. Ang sabi ni Moberly: May mga Judio at Kristiyano na nakikita nila ang kanilang "identity as standing in continuinty with that of biblical Israel and are open to being shaped in certain ways by the text received as authoritative."

konteksto (*literary context*).[61] Sa una, kinakailangang isaalang-alang ang kapanahunan, kalalagayan, kultura, at iba pa na may kinalaman sa panahon ng sumulat at ng kanyang mga sinulatan. Pagkatapos, kailangang isaalang-alang din ang panahon at situwasyon natin ngayon. Halimbawa, ang Roma 13 ay isinulat nang ang bayan ng Israel ay nasa ilalim ng Imperyong Romano. Kakaiba ang kalalagayan ng mga tao noon kaysa ngayon. Ngayon, ang bawat Pilipino ay may karapatang magpahayag ng kanyang iniisip at saloobin. Nakapaloob sa ating Saligang Batas ang kalayaang magpahayag.[62] Wala ito noong panahong isinulat ni Pablo ang aklat sa mga taga-Roma. Mahalagang isaalang-alang ito kapag inuunawa ang Roma 13.

Sa ikalawa, kinakailangang unawain ang kaugnayan ng talata sa nauna at sumunod na konteksto nito. Halimbawa, sa kaso ng Roma 6:23, kailangang tingnan ang buong talata hindi lamang ang unang bahagi nito. Ayon sa kabuuan ng Roma 6:23, "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon." Ang binanggit lang ni Espenido ay ang unang bahagi – yung kamatayan. Hindi niya isinama ang ikawalang bahagi na may kinalaman sa buhay. Hindi rin niya ikinonsider ang mga naunang binanggit ni Pablo, partikular ang ikatlong kapitulo. Dito sinabi ni Pablo na ang bawat isa ay nagkasala (Roma 3:23). Kaya't kung tutuusin, kasama si *Chief Inspector* sa mga dapat patayin kung susundin natin ang kanyang

---

[61] Tingnan ang unang chapter ni Gordon D. Fee and Douglas K. Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth: A Guide to Understanding the Bible* (Grand Rapids, Michigan: Zondervan, 1981).

[62] Tingnan ang ating 1987 Philippine Constitution: inakses Setyembre 12, 2024 sa https://www.set.gov.ph/resources/philippine-constitutions/1987-constitution/. Tingnan din ang Universal Declaration of Human Rights ng United Nations: inakses, Setyembre 12, 2024 sa https://www.un.org/en/about-us/universal-declaration-of-human-rights.

interpretasyon, dahil lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

## KABUUAN NG BUHAY (*ALL ASPECTS OF LIFE, NOT JUST THE SPIRITUAL*)

Pero hindi ibig sabihin na alam na natin ang konteksto ng Biblia ay sapat na. Kailangan ding isama ang kahulugan ng talata sa kabuuan ng buhay. Ang buhay ay hindi lamang espirituwal.[63] Ang isang malaking problema sa ilang pastor na kinapanayam nina Cornelio at Medina ay tinitingnan lamang ang problema sa droga na isang espirituwal na bagay. Karamihan sa kanila, ang tingin ay isang makasalanan ang gumagamit ng droga. At hindi lamang basta makasalanan kundi talamak na makasalanan. Gaya ng nakita natin, inihalintulad ang "drug addict" sa baboy. Patapon na't wala nang pag-asa. Subalit ang problema sa droga ay hindi lamang espirituwal. May kinalaman din dito ang ekonomiko, sikolohikal, pulitikal, at sosyolohikal na aspeto. Alam natin na may mga nalululong sa droga at napipilitang magbenta ng droga dahil sa kahirapan sa buhay o 'di kaya'y problema sa pamilya. Ang nakakalungkot, sa halip na matulungan, pinababayaan pa sila ng pamahalaaan, o di kaya'y pinapatay tulad sa nangyayari sa giyera kontra droga. Ang mga nasasadlak sa problema ng droga ay hindi dapat inihahalintulad sa mga hayop, gaya ng mga baboy. Sa itaas, binanggit natin na may isang pastor na gumamit sa talatang Mateo 7:6 na nagsasabing: "Huwag ninyong ihagis sa baboy ang inyong mga perlas" upang ihalintulad ang mga "drug addict" sa mga baboy. Hindi kailanman ihahalintulad ni Jesus ang mga "*drug addict*" sa baboy. Hindi sila ang tinutukoy sa Mateo 7:6. Alam natin ito dahil mismong si Jesus ang nagsabi na siya'y naparito upang abutin ang mga maysakit: "Hindi

[63] Jayeel Cornelio and Rico Villanueva, *Discipleship for Today's Filipino: Ang Calling Ng Christian Para Sa Bayan* (Manila: OMF Literature, 2024).

nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit kundi ang maysakit" (Marcos 2:17).[64] Ang nakakalungkot, hayop ang turing ni Duterte sa kanyang "*War on Drugs*" sa mga "*drug addict*," hindi maysakit na nangangailangan ng manggagamot.

## Kapookan (*Social Location*)

Ang problema, ang tingin din sa mga tinatawag ng iba na "drug addicts" ay sobrang sama, wala nang pag-asa, pumapatay ng mga sanggol. Hindi ito dapat paniwalaan. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nila ng mga taong magsasalita at magtatanggol para sa kanila. Ito ang ginawa ng mga Obispo. Ginamit nila ang "Huwag kang Papatay" upang labanan ang giyera kontra droga. Pero bagama't maimpluwensiya ang talatang ito, marahil isang dahilan kung bakit hindi naging malakas ang epekto nito ay dahil ang paggamit ng talata ay nanggagaling sa itaas, mula sa mga nasa kapangyarihan sa larangan ng relihiyon. Sa paggamit ng talata mula sa Biblia, hindi lamang dapat isaalang-alang ang konteksto at kabuuan ng buhay, kundi gayon din ang kapookan (*social location*). Ang Sampung Utos ay unang ginamit ng kolonyal na kapangyarihan. Ngayon mga Obispo mismo ang gumamit nito upang labanan ang giyera kontra droga. Sa tingin ko, mahalagang isaalang-alang din ang ikatlong K – kapookan. Ito ay may kinalaman sa kung saan tayo nanggagaling – maaaring sa itaas gaya ng mga Obispo o sa ibaba. Mas epektibo sa tingin ko ang huli dahil mas nagiging malalim ang epekto ng isang pagkilos para sa mga Pilipino kung nakikita nilang ito ay isang pagdamay sa kanila. Nasaksihan natin ito sa pasyon. Kahit na nanggagaling ang mga gumagamit ng talata mula sa gitna o uring nakatataas na antas sa lipunan (hal.

[64] Ito ang isinagot ni Jesus sa mga Pariseo na nagtatanong kung bakit sumasama si Jesus sa mga maniningil ng buwis na mga itinuturing na makasalanan. Ang tingin ng mga tao noon sa mga maniningil ng buwis ay sobrang sama. Pero naparito si Jesus para sa kanila.

edukasyon, ekonomiya), kung ginagamit nila ito mula sa perspektiba ng mga nasa ibaba, ang talata ay nagiging "tabak ng Espiritu."

Kung hindi Roma 6:23, Roma 13, Mateo 7:6, at Sampung Utos, anong mga talata sa Biblia ang bagay sa Dutertismo?

## MGA PANAGHOY SA BIBLIA ANG BAGAY SA DUTERTISMO

Sa tingin ko ang mas bagay na gamitin sa Dutertismo ay ang mga panaghoy sa Biblia. Sa Ingles, ang mga ito ay mas kilala sa pangalang "lament." Napakaraming panaghoy sa Biblia. Matatagpuan ang mga ito sa buong Biblia. Ang mga dakilang lingkod ng Diyos sa Biblia ay nanaghoy. Kasama diyan sina Abraham (Genesis 18:23, 25),[65] Moses (Exodo 32:11-12),[66] Job,[67]

[65] "Lumapit si Abraham at nagsabi, 'Ang mga banal ba ay iyong lilipuling kasama ng mga masama?" "Di ba gagawa ng matuwid ang Hukom ng buong mundo?" (Genesis 18:23, 25, ABB). Hindi basta-basta ang tanong na ito ni Abraham sa Diyos. Paliwanag ni Jeffrey K. Salkin, *Va-Yera'* (Genesis 18:1-22:24) *and Haftarah* (2 Kings 4:1-37), The JPS B'nai Mitzvah Torah Commentary (Philadelphia: The Jewish Publication Society, 2018), 5, "one of the most notable aspects of Abraham's character … [is that] he had the courage to challenge God."

[66] Nagtanong ng "bakit?" si Moises sa Diyos: "Panginoon, bakit ang iyong poot ay pinag-aalab mo laban sa iyong bayan na iyong inilabas sa lupain ng Ehipto …?" (Exodo 32:11, ABB). 'Di lang siya nagtanong ng bakit, nangatuwiran pa: "Bakit kailangan sabihin ng mga Ehipcio, 'Dahil sa masamang layunin ay kanyang inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila mula sa balat ng lupa?" (Exodo 32:12, ABB).

[67] Si Job tinanong ang Diyos, "Bakit mo pa ako inilabas sa sinapupunan? Namatay na sana ako bago pa ako nakita ng alinmang mata" (Job 10:18, ABB).

ang mga dakilang propeta,[68] at maging si Jesus (Mateo 27:46).[69] Mas marami pa ang panaghoy kaysa sa mga pagpupuri at pasasalamat sa Aklat ng Mga Awit.[70] Mayroon pang isang buong aklat na panay panaghoy, kaya't tinawag itong "Panaghoy" (*Lamentations*). Maririnig natin ang panaghoy maging sa huling aklat ng Biblia – Pahayag 6:10 – na kung saan sumisigaw "nang malakas" ang mga pinatay dahil sa salita ng Diyos: "O Panginoong Makapangyarihan, banal at tapat! Gaano pa katagal bago ninyo hatulan at parusahan ang mga tao sa daigdig na pumatay sa amin?"

May apat na kahulugan ang panaghoy sa Biblia:

a. pagdaing (Exo 2:23-25), paghingi ng saklolo (Awit 12; 130; 142), pagsusumamo (Awit 123).
b. panaghoy, panambitan, pagluluksa, hinagpis, iyak, hikbi – makikita natin ito sa aklat ng Panaghoy. Ang unang salita sa aklat ng Panaghoy ang ang Hebreong *eikha*, isang funeral cry o dirge, katumbas ng Ilokanong dung-aw.[71]

---

[68] Halimbawa, si Jeremias, nagreklamo sa Diyos nang ganito: "Ikaw ay matuwid, Yahweh, at kung ako ma'y mangatwiran, mapapatunayan mong ikaw ay tama. Ngunit bayaan mong magtanong ako. Bakit nagtatagumpay ang masasamang tao?" (Jeremias 12:1). Si Habakuk ay nanambitan sa Diyos: "hanggang kailan ako hihingi ng tulong sa inyo, bago ninyo ako dinggin … Bakit puro kaguluhan at kasamaan ang ipinapakita mo sa akin?" (Habakuk 1:2-3).

[69] Ang huling salita ni Jesus sa krus ayon sa Ebanghelyo ni Marcos ay isang panaghoy: "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" (Mk 15:34). Sinambit ni Jesus ang parehong panaghoy na matatagpuan sa Aklat ng Mga Awit 22:1. Ibig sabihin nito, hindi lang pang-Lumang Tipan ang mga panaghoy. Ito rin ay para sa mga Kristiyano.

[70] S. E. Gillingham, "The Levites and the Editorial Composition of the Psalms," nasa *The Oxford Handbook of the Psalms*, pat., William P. Brown (Oxford: Oxford University Press, 2014), 201.

[71] Federico G. Villanueva, *Lamentations: A Pastoral and Contextual Commentary*, Asia Bible Commentary (Carlisle, United Kingdom: Langham Global Library, 2016), 33.

c. himutok, pagputok ng butse, angal, reklamo, pagbubuhos ng sama ng loob/hinanakit, isang paraan ng pagpapahayag ng pagtatampo sa Diyos.[72]
d. "*imprecatory prayer*" (panalanging sumpa) bilang pagsusumbong sa Diyos.

Ang una at ikalawang kahulugan ay nagpapakita ng matinding kahirapan. Kaya dumadaing ay dahil sa sobrang hirap. Ang taghoy, hinagpis, hikbi ay kapahayagan ng matinding sakit. Pero hindi lamang basta pag-iyak o paghikbi ang panaghoy sa Biblia. Ito rin ay isang panalangin. Mula sa kanilang matinding kahirapan, dumadaing ang mga tao sa Diyos (Exo 2:23-25). Humihingi sila ng saklolo (Awit 12:1), nagsusumamong kaawaan (Awit 123). Subalit hindi ibig sabihin nito na ang mga nananaghoy ay bumibigay na't wala nang pag-asa. Ang panaghoy ay isang "tinig patuos"[73] (*voice of protest*), lumalaban, nagtatanong, hindi basta-basta tinatanggap ang lagay ng mga bagay.

Sa Biblia, hinahayaan ang pagpapahayag ng paghihimutok, reklamo, pag-angal (ikatlong kahulugan), di tulad noong panahon ng mga Kastila na bawal ang maghimutok. Ayon kay Bonifacio: "Ang bawat isang himutok na pumulas sa ating dibdib ay itinuturing na isang malaking pagkakasala at karakarakang nilalapatan ng sa hayop na kabangisan."[74] Wala ring pagkakaiba ngayon. Delikado ang magreklamo. Kaya't ang mga panaghoy sa

[72] Tingnan ang "Lament as *Pagtatampo sa Diyos*," sa Federico G. Villanueva, *Psalms 1-72* (Carlisle, United Kingdom: Langham Global Library, 2016), 137. See Federico G. Villanueva, "My God, Why?: Natural Disasters and Lament in the Philippine Context." Nasa *Why, O God? : Disaster, Resiliency, and the People of God,* pat., Athena E. Gorospe, Charles. Ringma, at Karen, 94-97. Hollenbeck-Wuest. (Manila, Philippines: OMF Literature and Asian Theological Seminary, 2017), 94.

[73] Ang "tinig patuos" ay ginamit ni Almario, *Panitikan ng Rebolusyong, 1896*, 122.

[74] Bonifacio, "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog," inakses Setyembre 14, 2024, https://www.kasaysayan-kkk.info/kalayaan-the-katipunan-newspaper /andres-bonifacio-ang-dapat-mabatid-ng-mga-tagalog-c-march-1896.

Biblia ay mahalaga dahil hindi lamang ito mga dasal o relihiyosong panambitan. Ang mga ito ay pulitikal din. Ayon sa antropologong si James Wilce:

> *[L]aments in nearly all the world's traditions have a political edge to them – in the prototypical funeral setting, but perhaps even more clearly in other settings. This reflects the fact that laments were performances of grief but also grievance.*[75]

Sa panaghoy nagkakaroon ng lakas ng loob ang mga inaapi dahil binibigyan sila ng layang magpahayag ng tunay nilang nararamdaman. Nagkakaroon din sila ng pag-asa dahil alam nilang mayroon silang mapagsusumbungan. Ito ang makikita natin sa mga tinatawag na "imprecatory prayers" (mga panalanging sumpa). Ilang halimbawa sa mga "imprecatory prayers" ay ang mga sumusunod:[76]

- "Mga braso ng masasama'y iyong baliin, parusahan mo sila't kasamaa'y sugpuin" (Awit 10:15)[77]
- "Maging kaunti nawa ang kanyang mga araw, kunin nawa ng iba ang kanyang katungkulan." (Awit 109:8, ABB).
- "Biglang kamatayan nawa ay dumating, ihuhulog ng buhay, sa daigdig ng mga patay" (Awit 55:15)
- "Bungiin ang ngipin nila, O Panginoon" (Awit 57:6)

---

[75] James MacLynn Wilce, *Crying Shame Metaculture, Modernity, and the Exaggerated Death of Lament* (Malden, Massachusetts; Oxford: Wiley-Blackwell, 2009), 49.

[76] Tinalakay ko ang mga "imprecatory prayers" sa aking aklat na *OK Lang Magalit at Magtampo sa Diyos* (Manila, Philippines: OMF Literature Inc., 2017), 31-56.

[77] Ang Book of Psalms ay binuo matapos ang pagkakatapon sa exile. Para sa introduction, tingnan ang "Introduction" sa Villanueva, *Psalms 1-72: A Pastoral and Contextual Commentary*.

- "Ikalat mo silang parang alikabok,
  tulad ng dayami na tangay ng unos"
  (Awit 83:13)
- "Lupigin mo sila't takuting lubusan, lubos mong hiyain hanggang sa mamatay" (Awit 83:16)

Nakakagitla ang mga panalanging ito para sa mga Kristiyanong ang alam lamang ay mag-"praise the Lord!" Maaaring itanong ng iba, nasa Biblia ba talaga ang mga iyan? Maaari po ninyong i-tsek. Pero paano natin uunawain ang mga panalanging sumpa?

Makakatulong dito ang ating konsepto ng pagsusumbong. Sa pagsusumbong merong: [78]

- *Bully* – kadalasan ang *bully* ay mas malaki, malakas, mukhang matapang, at mapang-api.
- Ang binuli *(bullied)* – kadalasan siya ay maliit, bata, walang kapangyarihan, mahirap.
- Ang pinagsusumbungan – hindi tayo basta-basta nagsusumbong kung kani-kanino lamang. Tayo ay lumalapit sa isa na alam natin na nagmamalasakit sa atin at may magagawa upang bigyang-hustisya ang ginawa sa atin.

Sa mga panalanging sumpa (*imprecatory prayer*) sa Biblia, makikita natin na ang konteksto nito ay may mga *bully*. Halimbawa, sa Awit 10 (tingnan sa itaas) hiniling ng salmista na tanggalan ng kapangyarihan[79] ang taong tinawag niyang "masama." Ang

[78] Federico G. Villanueva, *Psalm 73-150: A Pastoral and Contextual Commentary*, Asia Bible Commentary (Carlisle, England: Langham Global Library, napipintong mailimbag). Tingnan ang aking komento sa Awit 83, 109, at 137.

[79] Ito ang kahulugan ng "baliin ang mga braso" dahil ang "braso" ay simbolo ng lakas at kapangyarihan.

pinatutuunan ng mga panalanging sumpa ay mga taong masama, malupit, mayabang.

Sa Awit 10, inilarawan ang mga taong ito na:

- Mapang-api: "inaapi ang mga dukha" (t. 2)
- Ubod ng yabang: "Ipinagyayabang ng masasama ang kanilang mga hangarin" (t. 3)
- Walang takot sa Diyos. Pati Diyos "nilalait at sinusumpa" (t. 4). Parang si Duterte na nagsabing: "God is stupid."[80] Ang nakakalungkot ipinagtanggol pa siya ng ibang Christians at lider.
- Marahas: "Sa mga nayon sila'y nag-aabang, upang paslangin ang walang kamalay-malay. Para silang leon na nasa taguan, mga kawawang dukha'y inaabangan, hinuhuli ang mga ito sa kanilang bitag, at pagkatapos ay kinakaladkad" (vv. 8-9). Ilang beses na nating nakita ito sa nagdaang limang taon sa ilalim ng pamamalakad ni Duterte?

Samantala, ang mga inaapi ay ang mga dukha (v. 2), sawing-palad (v. 10). Sila ay hinahabol, hinuhuli (vv. 2, 9), sinusunggaban (v. 9), at pinapatay (v. 8). Wala nang mapuntahang iba ang mga dukha't sawing palad. Kaya't sa Diyos sila dumadaing, nagsusumbong.[81] Ang hiling nila, baliin ang braso ng masama,

[80] "Philippine President calls God 'stupid,'" https://www.bbc.com/news/world-asia-44610872, inakses Setyembre 14, 2024.

[81] Tingnan artikuko ni Gottwald na nagpapakita ng kaugnayan ng mga panaghoy sa karanasan ng inhustisya ng mga mahihirap. Ang pagpapahayag ng mga panaghoy sa banal na espasyon ng Templo ang nagbibigay ng pagkakataon upang maipahayag ang mga karanasan ng mahirap. Norman K. Gottwald, "Social Drama in the Psalms of Individual Lament," nasa *The Bible as a Human Witness to Divine Revelation: Hearing the Word of God through Historically Dissimilar Traditions*, Library of Hebrew Bible/Old Testament Studies 469, pat., Randall Heskett at Brian Irwin (New York: T & T Clark, 2010), 142-152.

tanggalan ng kapangyarihan, "upang wala nang taong mananakot ng kapwa" (Awit 10:18).

Habang isinusulat ko ang mga huling bahagi ng salaysay na ito, isinusulong na ang kaso sa ICC.[82] Salamat sa mga naglalakas-loob na ipaglaban ang mga naging biktima sa "War on Drugs." Marami sa mga tumutulong sa mga biktima ay hindi mga dukha. May kakayahan sila. Pero ginagamit nila ang kanilang mga pinag-aralan at kayamanan upang tulungan ang mga mahihina. Katulad nila ang mga sumulat ng mga salmo at panaghoy. Ang mga sumulat ng mga panaghoy sa Aklat ng Mga Awit ay hindi mga dukha. Sa panahong kakaunti lamang ang marunong magsulat at magbasa, ang mga eskriba (scribes) ay kasama sa mga elite. Pero gaya ng mga Pilipinong tumutulong sa mga mahihirap, meron silang malalim na pagmamalasakit para sa mga walang-wala. Kaya gamit ang kaloob ng ipinagkatiwala sa kanila, humabi sila ng mga panalanging nagbibigay-pag-asa at lakas ng loob para sa mga dukha gaya ng panaghoy sa Awit 10. Ang pinakahiling nila ay tanggalan ng kapangyarihan ang mga masasama alang-alang sa mga kapus-palad (Awit 10:17).

Subalit nalalaman din ng mga sumulat ng mga panaghoy na bagama't meron silang kakayahan, limitado ang kanilang magagawa. Kailangan nila ang Diyos. Kaya't sa Diyos sila nagsusumbong. Ang Diyos mismo ang nagsabi: "Huwag ninyong aapihin ang mga balo at ang mga ulila. Kapag inapi ninyo sila at dumaing sa akin, tiyak na papakinggan ko sila." (Exo 22:22-23).

---

[82] ICC prosecutor to reopen Philippines 'drug war' investigation, inakses Setyembre 18, 2024, https://www.aljazeera.com/news/2022/6/24/icc-prosecutor-plans-to-reopen-philippines-drug-war-investigation. Editors' note: As of 12 March 2025, ex-Philippine President Rodrigo R. Duterte has been arrested by the Interpol in the Philippines in accordance with an arrest warrant issued by Pre-Trial Chamber I for charges of murder, torture, and rape as a crime against humanity. He is currently under the custody of the ICC in The Hague, Netherlands. See https://www.icc-cpi.int/news/situation-philippines-rodrigo-roa-duterte-icc-custody, 12 March 2025; accessed 24 March 2025.

Ayon sa talatang ito, kapag ang mga balo at mga ulila ay "dumaing" sa Diyos, ang pangako ng Diyos ay "tiyak papakinggan ko sila."

Ang tanong: Dumaing na ba ang mga ulila't balo sa Diyos? Ang salitang daing ay may dalawang pakahulugan – paghingi ng tulong at pag-angal dahil sa sobra na ang hahirapan. Pero paano makadadaing ang mga mahihirap kung ang laging itinuturo sa kanila ng Simbahan ay ang mga dasal na lagi na lamang ipinapasa-Diyos lahat, walang pagtutol, walang pagtatanong, walang pag-angal? Isa sa mga sigaw ng mga Pilipino nung panahon ng Martial Law sa ilalim ng Pangulong Marcos Sr. ay "Sobra na! Tama na!" Kahawig dito ang sigaw ng isa sa mga panaghoy sa Biblia: "Hanggang kailan, Yahweh, ako'y iyong lilimutin? .... Kaaway ko'y hanggang kailan magwawagi sa akin?" (Awit 13:1-2). Sa giyera kontra droga, hanggang kailan magwawagi ang mga mapang-api? Hanggang kailan mananatili ang kanilang paghahari? "Ipagtatanggol mo ang mga api at mga ulila, upang wala nang taong mananakot ng kapwa!"

***Federico G. Villanueva, PhD***
*Department of Theology*
*Ateneo de Manila University*
*Katipunan Ave. Quezon City*
*ricovill16@yahoo.com*